

2017 Mga Ordinansa sa Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho ng Seattle

Ang misyon ng Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Pagtatrabaho (Office of Labor Standards) ay isulong ang mga pamantayan sa paggawa sa pamamagitan ng maalam na komunidad at paglahok sa negosyo, madiskarteng pagpapatupad at nagbabagong paraan ng pagbuo ng patakaran, na may pananagutan sa lahi at katarungang panlipunan.



Dapat ilagay ang poster na ito sa isang kapansin-pansin at madaling puntahang bahagi sa mga lugar na pinagtatrabahuhan, sa wikang Ingles at (mga) wikang ginagamit ng mga empleyado.

SMC 14.19

Pinakamababang Pasahod

NAGTATAKDA NG PINAKAMABABANG PASAHOD PARA SA MGA EMPLEYADO

Malalaking Employer

(501 O HIGIT PANG EMPLEYADO)

Binabayaran ba ng employer ang mga indibidwal na mga benepisyong pang-medikal ng mga empleyado?

HINDI

\$15.00

KADA ORAS

OO

\$13.50

KADA ORAS

Maliliit na Employer

(500 O MAS KAUNTI PANG EMPLEYADO)

Nagbabayad ba ang employer ng kahit \$2.00 lang kada oras para sa mga indibidwal na benepisyong pang-medikal ng empleyado at/o nakakaipon ba ang empleyado ng kahit \$2.00 lang kada oras mula sa mga tip?

HINDI

\$13.00

KADA ORAS

OO

\$11.00

KADA ORAS

Laki ng Employer

Alamin ang kabuuang bilang ng lahat ng empleyado ng employer sa buong mundo. Para sa mga prangkisa, bilangin ang lahat ng empleyado sa network ng prangkisa.

Mga Benepisyong Pang-medikal

Dapat ay nakatala ang empleyado sa isang silver na antas o mas mataas na plano gaya ng nakasaad sa Batas sa Abot-kayang Pangangalaga ng Pederal (Federal Affordable Care Act).

» Hindi maaaring magbayad ang isang employer ng binawasang pinakamababang pasahod kung tumanggi ang empleyado o hindi siya kwalipikado para sa mga benepisyong pang-medikal.

SMC 14.20

Pagnanakaw ng Sahod

NAGBIBIGAY NG MGA PROTEKSYON LABAN SA PAGNANAKAW NG SAHOD

Dapat bayaran ng mga employer ang kabuuang bayad para sa isang regular na araw ng suweldo at bigyan ang mga empleyado ng nakasulat na impormasyon tungkol sa kanilang trabaho at suweldo.

Ang nakasulat na impormasyon ay dapat naglalaman ng mga sumusunod:

- Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng employer.
- Rate ng suweldo, kwalipikasyong makaipon ng overtime, batayan ng suweldo (kada oras, shift, araw, linggo, komisyon) at regular na araw ng suweldo ng employer.
- Paliwanag ukol sa patakaran sa pagbibigay ng tip ng employer.
- Nakatalang pahayag ng impormasyon ng suweldo sa mga araw ng suweldo.

Mga halimbawa ng mga kinakailangan sa suweldo:

- Bayaran ang pinakamababang pasahod.
- Bayaran ang overtime.
- Magbigay ng mga pahinga sa pagtatrabaho.
- Bayaran ang halagang ipinangako.
- Bayaran ang pagtatrabaho nang lampas sa oras.
- Bayaran ang mga naipong tip.
- Bayaran ang mga nagastos ng employer.
- Italaga nang tama ang mga empleyado; huwag italaga bilang mga independiyenteng contractor.

SMC 14.17

Patas na Pagkakataon sa Pagtatrabaho

NAGLILIMITA SA PAGGAMIT NG MGA REKORD NG PAGKAKAKULONG AT PAG-ARESTO

Ipinagbabawal ang mga sumusunod:

- Mga ad sa trabaho na hindi kasama ang mga aplikanteng may mga rekord ng pagkakakulong o pag-aresto.
- Mga aplikasyon sa trabaho na may mga tanong tungkol sa mga rekord ng pagkakakulong o pagkakaaresto, maliban kung na-screen na ng employer ang aplikante para sa pinakamababang kwalipikasyon.
- Hindi pagtanggap sa trabaho (o iba pang mga ginagawa sa pagkuha ng empleyado) batay lang sa isang rekord ng pagkakaaresto.

May ilang pagbubukod, kabilang ang mga trabahong hindi mababantayan ang mga batang wala pang 16 na taong gulang, mga taong may mga kapansanan o mahihinang matatanda.

Kinakailangang gawin ng mga employer ang mga sumusunod:

- Ipagpaliban ang pagsusuri sa kinasangkutan krimen hanggang sa matapos ang pag-screen ng mga aplikante para sa pinakamababang kwalipikasyon.
- Sundin ang mga proseso bago gumawa ng hindi naaayong aksyon batay lang sa isang pagsusuri sa kinasangkutan krimen:
 - » Magbigay ng pagkakataong magpaliwanag o magtama ng impormasyon sa pagsusuri sa kinasangkutan krimen.
 - » Gawing bakante ang posisyon nang kahit dalawang araw ng negosyo lang.
 - » Magkaroon ng dahilang lehitimo sa negosyo na ang pagbibigay ng trabaho sa tao ay makakapinsala sa negosyo o makakaapekto sa kakayahan ng empleyadong gampanan ang trabaho.

SMC 14.16

Bayad na Oras para sa Sakit at Kaligtasan

KAILANGAN NG BAYAD NA LEAVE PARA SA MGA ISYUNG PANG-MEDIKAL O PANGKALIGTASAN

Dapat bigyan ng mga employer ang mga empleyado ng bayad na leave upang maalagaan ang kanilang mga sarili o maalagaan ang isang miyembro ng pamilya.

Oras Pangkaramdaman:

Isang pisikal o mental na kundisyong pangkalusugan, kabilang ang isang nakatakdang appointment sa doktor.

Oras para sa Kaligtasan:

Mga dahilang nauugnay sa karahasan sa tahanan, pangahalay, stalking o iba pang mga isyu hinggil sa pampublikong kaligtasan.*

Mga Rate ng Bayad na Oras para sa Pagkakasakit at Kaligtasan (Paid Sick & Safe Time, PSST)

	TIER 1	TIER 2	TIER 3
Laki ng Employer MGA FULL-TIME EQUIVALENT EMPLOYEE (FTE) SA BUONG MUNDO	Higit sa 4 at hanggang 49 MGA FTE	50 – 249 MGA FTE	250+ MGA FTE
Pag-ipon ng PSST KADA ORAS NA NAGTRABAHO	1 oras KADA 40 ORAS	1 oras KADA 40 ORAS	1 oras KADA 30 ORAS
Paggamit at carry over ng hindi nagamit na PSST KADA TAON NG BENEPISYO	40 oras	56 oras	72 oras**

*MAAARI RING GAMITIN ANG ORAS PARA SA KALIGTASAN UPANG MAG-ALAGA NG ISANG KASAMA SA BAHAY
**108 ORAS PARA SA MGA TIER 3 EMPLOYER NA MAY PATAKARAN SA PAID TIME OFF (PTO)

Dapat sumunod ang mga employer sa mga batas na ito. Labag sa batas ang paghihiganti.

Maghain ng reklamo sa Tanggapan ng Mga Pamantayan sa Paggawa

–o– Magsampa ng kaso* sa korte sa o pagkatapos ng mga sumusunod na petsa:

- Abril 1, 2016 para sa mga employer na may 50 o higit pang empleyado
- Abril 1, 2017 para sa mga employer na may kaunti pa sa 50 empleyado

*MAAARI LANG MAGSAMPA NG DEMANDA PARA SA MGA PAGLABAG SA MGA BATAS UKOL SA PINAKAMABABANG PASAHOD, PAGNANAKAW NG SAHOD, AT MAY BAYAD NA PAGLIBAN DAHIL SA SAKIT O PARA SA KALIGTASAN.

MAG-ULAT NG MGA PAGLABAG

Mga Kumpidensyal at Libreng Serbisyo

- Mga pagsisiyasat sa mga reklamo.
- Pag-aabot ng tulong sa mga manggagawa.
- Tulong na panteknikal para sa mga negosyo.
- Mga madudulugan at masasanggunian.

Available ang pagpapaliwanag, mga pagsasalin at pagbibigay-tulong sa wika.

(206) 684-4500

seattle.gov/laborstandards